
Final tickets on sale now
Network with the key telecom players | 1-2 November 2022 | London
Total Telecom Congress
Book Now

Mga Awit 46 Ang Biblia (1978)

**Sa Pangulong Manunugtog; Awit ng mga anak ni Core; itinugma sa Alamoth. Awit.**

**46** Ang Dios ay ating ampunan at kalakasan,
Handang saklolo sa kabagabagan.
2 Kaya't hindi tayo matatakot bagaman ang lupa ay mabago,
At bagaman ang mga bundok ay mangaglipat sa kagitnaan ng mga dagat;
3 Bagaman ang tubig niyaon ay magsihugong at mabagabag.
Bagaman ang mga bundok ay mangauga dahil sa unos niyaon. *(Selah)*
4 May isang ilog, na ang mga agos ay nagpapasaya sa bayan ng Dios.
Sa banal na dako ng mga tabernakulo ng Kataastaasan.
5 Ang Dios ay nasa gitna niya; siya'y hindi makikilos:
Tutulungan siya ng Dios na maaga.
6 Ang mga bansa ay nangagkagulo, ang mga kaharian ay nangakilos:
Inihiyaw niya ang kaniyang tinig, ang lupa ay natunaw.
7 Ang Panginoon ng mga hukbo ay sumasa atin;
Ang Dios ni Jacob ay ating kanlungan. *(Selah)*
8 Kayo'y parito, inyong masdan ang mga gawa ng Panginoon,
Kung anong mga kagibaan ang kaniyang ginawa sa lupa.
9 Kaniyang pinapaglilikat ang mga pagdidigma sa wakas ng lupa;
Kaniyang binabali ang busog, at pinuputol ang sibat;
Kaniyang sinusunog ang mga karo sa apoy.
10 Kayo ay magsitigil at kilalanin ninyo na ako ang Dios:
Ako'y mabubunyi sa gitna ng mga bansa, ako'y mabubunyi sa lupa.
11 Ang Panginoon ng mga hukbo ay sumasa atin;
Ang Dios ni Jacob ay ating kanlungan.

Ang Biblia (1978) **(ABTAG1978)**

Ang Biblia Copyright © Philippine Bible Society 1905, 1915, 1933, 1978

Philippine Bible Society ?Making the Bible Known

PLUS Do you have questions about the passage you are reading? Upgrade to **Bible Gateway Plus** to get the best value in digital Bible study.


Start 14-day free trial Learn More


Resources for **Mga Awit 46** Find resource


All Study Bibles Encyclopedias Commentaries Dictionaries Overview

55 results

**Suggested Resources**


NIV Study Bible Notes, Fully Revised Edition
PLUS
15 entries


Expositor's Bible Commentary (Abridged Edition): Old Testament
PLUS
5 entries


Mounce's Complete